# Manipestasyon ng Ika-21 Siglong Kasanayan at Mungkahing Gawaing Makalilinang ng Kasanayan sa Kurikulum ng Filipino ng Ikasampung Baitang

Aileen Joy G. Saul[1], Ph.D, Jay-R D. Capiz[2], Katrina C. Milan[3]

*[1] Erya ng mga Wika at Panitikan, Kolehiyo ng Edukasyon, mga Sining at Agham, De La Salle Lipa, [2] Batsilyer ng Agham sa Sekundaryang Edukasyon, meyjor sa Filipino, De La Salle Lipa, [3] Batsilyer ng Agham sa Sekundaryang Edukasyon, meyjor sa Filipino, De La Salle Lipa*

## ARTICLE INFORMATION

*Article History:*
Received: November 26, 2019
Received in revised form: August 13, 2020
Accepted: August 20, 2020

*Mga Susing Salita:*
kurikulum, kritikal na pag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon, pagkamalikhain

*Keywords:*
*curriculum, critical thinking, communication, collaboration, creativity*

**Corresponding author: Aileen Joy G. Saul (ajgsaul@yahoo.com)*

## ABSTRAK

*Ang pag-aaral ay isang pagsusuri ng itinakdang kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon para sa Filipino sa ikasampung baitang. Gamit ang pamantayan ng apat na pangunahing kasanayan (4C's) - kritikal na pag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon at pagkamalikhain - sinuri ang manipestayon ng mga ito sa mga kasanayang pampagkatuto sa ilalim ng iba't ibang domeyn ng kurikulum. Sa pagmamapa ng kurikulum, inilapat ang mga pamantayan ng apat na pangunahing kasanayan sa nakasaad na gawaing pampagkatuto upang malaman ang manipestasyon nito. Sa pamamagitan ng pagsusuri, natunghayan ang manipestasyon ng apat na pangunahing kasanayan sa mga gawaing pampagkatuto sa ilalim ng iba't ibang domeyn ng kurikulum. Lumabas din sa pag-aaral na ang kritikal na pag-iisip ang kasanayang nangibabaw samantalang ang kolaborasyon ang hindi gaanong nakitaan ng manipestasyon. Mula dito ay nagmungkahi ang mga mananaliksik ng mga gawaing nakalilinang ng kasanayang nabanggit para sa bawat markahan.*

## ABSTRACT

*This study explores the manifestation of the 21st century skills in the K to 12 Curriculum in Filipino for Grade 10 prescribed by the Department of Educaiton. The 4 Cs – critical thinking, communication, collaboration and creativity in particular were determined in the learning competencies of each domain in the curriculum. Mapping of the curriculum was done based on the criteria set in identifying the 4 Cs and learning competencies under*

*each domain. Analysis shows that critical thinking is the dominant skill evident from the competencies while collaboration needs more cognizance. As a result, the researchers develop proposed learning activities that will further promote collaboration in each academic quarter.*

**Introduksyon**

Ang kurikulum ang balangkas at kalipunan ng mga araling sinusunod ng isang bansa upang magkaroon ng maayos na sistema ng edukasyon. Nagsisilbi itong gabay at batayan ng mga guro tungo sa maayos na paglalahad ng mga gawain at aralin sa loob at labas ng silid-aralan. Mababakas din dito ang mga kaalaman at mga kasanayang matatamo ng mga mag-aaral sa ispesipikong aralin.

Sinuri sa pag-aaral ang manipestasyon ng apat na pangunahing kasanayang dapat malinang ng mag-aaral sa mga aralin ng bawat markahan. Gamit ang pamantayan ng apat na pangunahing kasanayan ni Greenstein (2012), inalam ang mga kompitensing hindi gaanong nakalilinang ng apat na pangunahing kasanayan upang mabatid kung aling kasanayan ang nangangailangan ng karagdagang gawaing makatutulong sa higit na paglinang nito. Bahagi rin ng pag-aaral ang mga mungkahing gawaing makatutulong sa pagpapaunlad ng ikadalawampu't isang siglong pangunahing kasanayan. Ang pag-aaral ay binuo upang magkaroon ng batayan sa mga araling nararapat pagtuunan ng pansin at bigyan ng nararapat na gawain upang higit na malinang ang apat na pangunahing kasanayan. Hangad din ng pag-aaral na masagot ang sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang manipestasyon ng ika-21 siglong apat na pangunahing kasanayan sa mga kasanayang pampagkatuto sa bawat domeyn na nakasaad sa K to 12 Gabay Kurikulum ng Filipino sa Baitang 10?

   a. Pag-unawa sa Napakinggan

   b. Pag-unawa sa Binasa

   c. Paglinang ng Talasalitaan

   d. Panonood

   e. Pagsasalita

   f. Pagsulat

   g. Wika at Gramatika

   h. Estratehiya sa Pag-aaral

2. Aling kasanayan mula sa apat na pangunahing kasanayan ng ika-21 siglo ang hindi lubhang nalilinang sa kurikulum ng Filipino ng ikasampung baitang?

3. Ano-ano ang mga karagdagang mungkahing gawaing makatutulong sa paglinang ng apat na pangunahing kasanayan ng ika-21 siglo?

Isa sa malaking pag-unlad ng sistema ng edukasyon ang pagbabago ng kurikulum sa lahat ng asignatura. Makikita ito mula Basic Education Curriculum (BEC), Secondary Education Curriculum (SEC), Revised Secondary Education Curriculum (RSEC), Understanding By Design (UBD)

hanggang sa K to 12 kurikulum. Sa taunang paaralan 2012-2013 ipinatupad ng DepEd ang pinahusay na kurikulum K to 12 (RA No. 10533). Ito ang kasalukuyang kurikulum at batayang ginagamit ng pribado at pampublikong elementarya at sekondarya. Habang lumalaki ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagtamo ng holistikong pakatuto, sumasabay rin ang pamahalaan sa pagtugon sa pamamagitan ng pagbibigay ng naaangkop na kurikulum.

Ayon kay Acosta at Acosta (2017), sumasailalim ang sistema ng edukasyon ng Pilipinas sa pangunahing pagsasaayos at pagbabago mula 10 taong pag-aaral hanggang 12 taon. Binigyang pansin ng pamahalaan ang repormang nakatuon sa layuning talakayin ang pag-usbong ng globalisasyon at panrehiyong kooperasyon upang makaangkop ang mga mag-aaral sa nagbabagong panahon.

Lumawak ang sinasaklaw ng bawat kurikulum sa iba't ibang antas. Kasabay ng paglinang ng limang makrong kasanayang pagsasalita, pakikinig, pagbasa, pagsulat at panunuod, pinagtuunan ng pansin ang paglinang sa ika-21 siglong kasanayan upang makamtan ang holistikong pagkatuto. Kabilang dito ang pitong kasanayan (7C's) - kritikal na pag-iisip (critical thinking), pagkamalikhain (creativity), kolaborasyon (collaboration), pag-unawa sa ibang kultura (cross-cultural understanding), komunikasyon (communication), kahusayan sa paggamit ng elektronikong impormasyon (computing and ICT fluency) at pangmatagalang kaalaman (career & learning self-reliance) (Partnership for 21st century skills, w.p.).

Pinagtitibay ng kasanayang nabanggit ang mga aralin at layuning nakapaloob sa kurikulum na itinatakda ng Department of Education (DepEd). Nakasaad sa bawat layunin ang kompitensing kinakailangang matamo ng mag-aaral sa isang aralin. Nakatutulong ang pitong kasanayan bilang gabay sa guro sa pagsasanay maging sa kanilang pag-iisip sa nilalaman ng mga gawain at pangkalahatang karanasan ng mag-aaral (Conole, w.p.). Mula sa pito, higit na binibigyang diin ang apat na pangunahing kasanayan - kritikal na pag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon at pagkamalikhain - dahil nakapaloob din dito ang iba pang mga mahahalagang kasanayan (Brultey, w.p)

Ayon sa *The National Council for Excellence in Critical Thinking*, ang kritikal na pag-iisip ay isang intelektwal na disiplinadong proseso ng aktibo at mahusay na pagko-konseptuwal, paglalapat, pagtataya, at o pagsusuri ng impormasyong nakalap mula sa, o nabuo ng, pagmamasid, karanasan, repleksyon, pangangatwiran, o komunikasyon (Bialik at Fadel, 2015). Binigyang-kahulugan naman ito nina Trilling at Fadel bilang kakayahan upang pag-aralan, bigyang-kahulugan, at ibuod ang mga impormasyon (Pacific Policy Research Center, 2010). Ang pagtuturo nito ay maaaring gamitin sa iba't ibang anyo, mula sa isang malinaw na kurikulum na nakatuon sa pagkilala at pagsasanay tungo sa higit na mataas na kasanayan sa pag-iisip, mga proyektong may kinalaman sa pagbibigay-kahulugan ng impormasyon, pagsusuri ng mga bahagi at patunay, at pagkuha ng maraming pananaw (Bialik at Fadel, 2015). Kaugnay ng paggamit ng kritikal na pag-iisip ay ang pagtingin sa suliranin sa isang bagong pananaw at pag-uugnay ng iba't ibang pagkatuto sa lahat ng disiplina (Tiglao, 2017).

Tumutukoy ang kasanayang komunikasyon sa kakayahan ng indibidwal na makipag-usap nang malinaw gamit ang wikang berbal at di berbal gayundin ang epektibong pakikipagtulungan at pananagutan sa kapwa (Pacific Policy Research Center, 2010). Sa loob ng silid-aralan, taglay ng kaaya-ayang kapaligiran nito ang dalawang daloy ng ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral. Ang ganitong kapaligiran

ay makapagpapatibay sa epektibong proseso ng pag-aaral na ginagawang aktibo ang mga sangkot dito.

Ang kolaborasyon ay isa sa itinuturing na mahalagang tunguhin ng edukasyong kabilang sa ika-21 siglong kasanayang kailangang matamo. Tumutukoy ito sa pagsasama-sama ng iba't ibang indibidwal sa isang gawaing may isang layunin; may pangangailangan sa kasunduan sa loob ng pangkat at pananagutan sa itinalagang gawain (Piirto, 2011).

Ang malikhaing pag-iisip ay kinakailangan lalo na ng mag-aaral upang magtagumpay sa ika-21 siglo (Salna, 2012). Sakop ng kasanayan ang pagbuo at paggamit ng bagong ideya; pagtanggap sa iba't ibang pananaw, posibilidad maging pagtukoy ng bagong ugnayan (Batham, 2014).

Ilang mananaliksik at dalubhasa ang naglahad ng kani-kanilang pamamaraan sa paghubog ng mga kasanayan lalo't higit ang paglinang dito.Inilahad nina Oakshott at mga kasama (w.p) ang pamamaraan sa paglinang ng mga kasanayan tulad ng sumusunod:

> Pagkamalikhain: Pagsasagawa ng bagyuhang-isip, pagbuo ng makabuluhang konsepto, pagpapalawak sa kaalaman sa pamamagitan ng pagsusuri at pagtataya ng sariling ideya; pagiging bukas sa iba't ibang pananaw.
>
> Kritikal na Pag-iisip: Paggamit ng uri ng pagpapapasya (induktibo at deduktibo) at paglikha ng desisyon gamit ang pagtataya ng patunay at argumento.
>
> Komunikasyon at Kolaborasyon: Pakikipag-usap nang malinaw sa paraang berbal o pasulat gamit ang iba't ibang uri, mahusay na tagapakinig; pakikipag-ugnayang may layunin (magpabatid, magturo at manghikayat); pakikiisa sa kamag-aral na may paggalang sa kanilang ideya at pagpapahalaga sa kontribusyon ng kasamahan. Kinakailangang nakadisenyo ang kurikulum na nagtataguyod ng sistema ng edukasyong nakasentro sa mag-aaral at kolaborasyon ng isa't isa (Boholano, 2017). Kabilang din ang mabisang komunikasyong maipakikita at matatamo sa pamamagitan ng pagtutulungan, pakikiisa sa mga kasapi, pagtugon sa responsibilidad sa sarili at ibang tao, at interaktibong pakikipag-ugnayan at pakikipag-usap (Higgins, 2008).

## Metodolohiya

Ayon sa K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum (2016), pamantayan ng Baitang 7-10 ang "Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at akdang pampanitikang rehiyunal, pambansa, saling-akdang Asyano at pandaigdig tungo sa pagtatamo ng kultural na literasi" (p.3). Saligan nito ang ilang teoryang naglalahad ng kasanayang pampagkatuto gaya ng *Cooperative Learning* (Vygotsky), *Interactive/Integrated Learning* (Ausubel), *Basic Interpersonal Skills* at *Cognitive Academic Language Proficiency Skills* (Cummins). Sa nabanggit, ang kalikasan, pagkatuto ng wika at simulain ng pagsusuring panliterasi ay mababakas sa mga nabuong kompitensi sa iba't ibang aralin at domeyn ng pagkatuto. Kinikilala din ng kurikulum ang halaga ng ika-21 siglong kasanayan sa pakikipagsabayan nito sa nagbabagong panahon bunsod ng pag-unlad ng teknolohohiya, ekonomiya at lipunan. Makikitang magkatuwang ang kasanayang tumutukoy sa kakayahang maisakatuparan ang gawain at kompitensing umaayon sa paglalapat ng mga kasayanang pampagkatuto sa ispesipikong konteksto. Hindi lamang kompitensi sa kognitibong kaalaman ang saklaw kundi maging aspektong fanksyonal (kasanayang teknikal), interpersonal (panlipunan) at pagpapahalagang etikal. Mahihinuha ang ugnayan ng ika-21 siglong kasanayan sa paglago ng kaalamang

**Talahanayan 1.**

*Mga Pamantayan ng Apat na Pangunahing Kasanayan*

| | |
|---|---|
| **KRITIKAL NA PAG-IISIP** | Gumagamit ng iba't ibang uri ng pangangatwirang naaangkop sa sitwasyon |
| | Tumutugon sa iba't ibang pangangailangan ng lipunan, gawain, layunin, at disiplina |
| | Nakabubuo ng mga argumento at nabibigyang-puna ang pangangatwiran ng iba |
| | Gumuguhit ng katibayan mula sa karunungang bumasa't sumulat o mga tekstong nagbibigay-kaalaman upang suportahan ang pagsusuri, repleksyon, at pananaliksik |
| | Nasusuri ang layunin ng impormasyong ipinakita sa magkakaibang anyo/pormat at motibo sa likod ng pagtatanghal/paglalahad nito |
| **KOMUNIKASYON** | Pagkilala at paggamit sa iba't ibang uri ng berbal na komunikasyon tulad ng pag-uusap, debate at panghihikayat |
| | Kahali-halinang pakikipag-usap sa kapwa |
| | Nagpapakita ng mga kakayahang tumanggap ng impormasyon sa komunikasyon: pagbibigay pansin, mapanimdim na pakikinig, at nakauunawa |
| | Pagkilala, paggamit, at pag-unawa ng iba't ibang uri ng komunikasyong pasulat: pormal, impormal, at pang-agham |
| | Pagbabasa, panonood, at pakikinig sa maraming uri ng midya |
| **KOLABORASYON** | May kakayahang timbangin ang pakikinig at pagsasalita; mamuno at sumunod sa isang grupo |
| | Nagpapakita ng kakayahang umangkop, makipagkasundo, at kumuha ng empatiya |
| | Isinasaalang-alang, inuuna, at isinusulong ang interes at pangangailangan ng pangkat |
| | Binibigyang-halaga, kinikilala. at ginagamit ang kontribusyon at lakas ng miyembro ng grupo |
| | Nagtutulungan upang makalikha ng mga bagong ideya at produkto |
| **PAGKAMALIKHAIN** | Sumusuri nang mabuti, nagtatanong, naghahanap ng mas malalim na kahulugan |
| | Nakagagawa o nakapagbibigay ng maraming ideya hinggil sa isang paksa |
| | Ang mga ideyang ibinibigay ay naiiba, bago, katangi-tangi, at hindi pangkaraniwan |
| | Ang mga ideya ay nagpapakita ng makatotohanang detalye |
| | Nangangarap, nakabubuo ng bagong ideya o produkto, at may talino sa paglikha |

kognitibo, intra- at interpersonal na aspekto ng indibidwal. Partikular na binigyang pansin ang apat na pangunahing kasanayan sapagkat itinuring itong mahalaga sa K to 12. Tinukoy sa "Framework for 21st Century Learning" ng Partnership for 21st Century Skills (P21) ang mga kasanayang nabanggit ay dapat maging bahagi ng pag-aaral sapagkat malaki ang ambag nito sa pag-unlad ng edukasyon, pakikipag-ugyan, trabaho, at kapakanan ng indibidwal mula sa anumang uri ng pamumuhay (National Education Association, w.p; 21st Century Competencies: Foundation Document for Discussion, 2016). Samakatuwid, kaagapay sa paglinang ng makrong kasanayang pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat at panonood ang mga pangunahing kasanayang kritikal na pag-iisip, kolaborasyon, komunikasyon at pagkamalikain bilang paghahanda sa mag-aaral sa pagharap sa hamon ng ika-21 siglo.

Sa aktwal na konteksto ng pakitang-turo sa mga mag-aaral sa Filipino ng ika-10 baitang, naging lantad ang mga mananaliksik sa nagaganap sa mga

aralin maging sa batayang kurikulum na itinakda sa pagtuturo ng wika at panitikan. Bagama't makikitang nakapaloob ang kasanayan, layunin at kompitensi sa aralin, natunghayang hindi lahat ay nabibigyang-diin sa mga itinakdang kasanayang pampagkatuto lalo sa paglinang ng apat na pangunahing kasanayan. Ito ang tinangkang suriin sa pamamagitan ng batayan sa pagsusuring halaw sa pamantayan ng apat na pangunahing kasanayan sa ika-21 siglo.

Saklaw ng pag-aaral ang pagsusuri ng kurikulum ng Filipino sa ika-10 baitang gamit ang mga pamantayan ng apat na pangunahing kasanayan. Kwalitatibong disenyo gamit ang pagsusuri ng nilalaman ang pangunahing pamamaraan ng pag-aaral. Sinuri ang kasanayang pampagkatuto sa bawat domeyn gamit ang mga pamantayan ng apat na pangunahing kasanayan mula sa "Assessing 21st century Skills: A Guide to Evaluating Mastery and Authentic Learning" ni Greenstein (2012) [sariling salin].

Pinili ang pamantayan ni Greenstein sapagkat binalangkas nito ang apat na pangunahing kasanayang matataya sa mga layuning pampagkatuto at gawain sa aralin. Gumamit ang mga mananaliksik ng *curriculum mapping* sa pagsusuri ng kurikulum alinsunod sa mga pamantayan ng apat na pangunahing kasanayan. Unang sinuri ang mga kompitensing nakalahad sa kurikulum batay sa nakasaad na pamantayan. Tinukoy rin ang kompitensing mabibilang at nagpapakita ng kritikal na pag-iisip, komunikasyon, kolaborasyon at pagkamalikhain. Matapos mailapat sa talahanayan ng curriculum map, tinukoy ang kasanayang hindi gaanong nabibigyang pansin sa mga kompitensing itinakda. Matapos ang pagsusuri, bumuo ang mga mananaliksik ng karagdagang mungkahing gawaing makatutulong sa paglinang ng kasanayang hindi gaanong nalinang. Upang mapagtibay ang isinagawang pagsusuri, nag-imbita ang mga mananaliksik ng dalawang *interrater* na may bakgrwand sa pagtuturo ng Filipino sa paaralan.

**Resulta**

Sa kabuuan ng kurikulum, matutunghayan ang manipestasyon ng pamantayan sa apat na pangunahing kasanayan at kasanayang pampagkatuto. Bagama't napatunayang may manipestasyon ang kasanayan, mayroon ding kasanayang hindi gaanong nakitaan nito.

a. Pag-unawa sa Napakinggan (PN)

Sa ilalim ng domeyn, lumabas na naipakita ang manipestasyon ng kritikal na pag-iisip bilang pangunahing kasanayan. Narito ang halimbawa ng kasanayang pampagkatutong may manipestasyon ng kritikal na pag-iisip.

- *Nasusuri ang tiyak na bahagi ng napakinggang parabula na naglalahad ng katotohanan, kabutihan at kagandahang-asal.*
- *Naipaliliwanag ang pangunahing paksa at pantulong na mga ideya sa napakinggang impormasyon sa radyo o iba pang anyo ng media.*
- *Naipaliliwanag ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mitolohiya ng Africa at Persia.*
- *Naibibigay ang puna tungkol sa napakinggang pagtatanghal.*
- *Nasusuri ang napakinggang paglalahad ng sariling damdamin ng mga tauhan na may kaugnayan sa: mga hilig/interes kawilihan kagalakan/ kasiglahan pagkainip/ pagkayamot pagkatakot pagkapoot pagkaaliw/ pagkalibang - at iba pa.*

b. Pag-unawa sa Binasa (PB)

Mula sa mga layuning nakasaad sa domeyn, nabakas na nagtataglay ito ng kritikal na

pag-iisip bilang pangunahing kasanayan. Narito ang ilang halimbawa ng kasanayang pampagkatutong tumutugon sa kasanayan.

- *Nasusuri ang nilalaman, elemento at kakanyahan ng mga binasang akda gamit ang mga ibinigay na tanong*

- *Naihahambing ang kultura ng bansang pinagmulan ng akda sa alinmang bansa sa daigdig.*

- *Nabibigyang-reaksiyon ang mga kaisipan o ideya sa tinalakay na akda.*

- *Napangangatuwiranan ang mga dahilan kung bakit mahalagang akdang pandaigdig na sumasalamin ng isang bansa ang epiko*

c. Paglinang ng Talasalitaan (PT)

Sa domeyn ay nagkaroon din ng manipestasyon ng kritikal na pag-iisip maging komunikasyon bilang pangunahing kasanayan. Narito ang halimbawa ng kasanayang pampagkatutong may manipestasyon ng mga nabanggit.

- *Nabibigyang- puna ang estilo ng may-akda batay sa mga salita at ekspresyong ginamit sa akda.*

- *Naipaliliwanag ang mga alegoryang ginamit sa binasang akda.*

- *Nabibigyang -kahulugan ang salita batay sa ginamit na panlapi.*

- *Nakikilala ang pagkakaugnay-ugnay ng mga salita ayon sa antas o tindi ng kahulugang ipinahahayag nito (clining).*

- *Naiuugnay ang kahulugan ng salita batay sa kaligirang pangkasaysayan nito*

d. Panonood (PD)

Maraming mag-aaral sa kasalukuyan ang itinuturing na *visual learner* o higit na natututo mula sa nakikitang larawan sa kagamitang pampagkatuto. Isa ang kritikal na pag-iisip bilang pangunahing kasanayang makikita sa ilang halimbawa.

- *Naimumungkahi ang mga dapat isaalang-alang sa pagsasagawa ng isang simposyum batay sa nakita sa aklat o iba pang batis ng impormasyon.*

- *Natutukoy ang mensahe at layunin ng napanood na cartoon ng isang mitolohiya*

- *Nasusuri ang napanood na sabayang pagbigkas o kauri nito batay sa: - kasiningan ng akdang binigkas - kahusayan sa pagbigkas - at iba pa.*

- *Natataya ang napanood na pagtatanghal batay sa napagkaisahang mga pamantayan.*

- *Nahihinuha sa mga bahaging pinanood ang pakikipag-ugnayang pandaigdig*

e. Pagsasalita (PS)

Bilang makrong kasanayan, higit na naipakita ang komunikasyon sa mga layuning nakasaad. Patunay nito ang uri ng usapan o paghahatid ng mensahe sa paraang berbal sa aralin. Tinataglay din ng domeyn ang iba pang kasanayan gaya ng pagkamalikhain at kolaborasyon.

- *Naibabahagi ang sariling reaksiyon sa ilang mahahalagang ideyang nakapaloob sa binasang akda sa pamamagitan ng brain storming*

- *Nababasa nang paawit ang ilang piling saknong ng binasang akda*

- *Nakikibahagi sa roundtable discussion kaugnay ng mga isyung pandaigdig*

- *Pangkatang pagsasadula ng nobela na isinasaalang-alang ang sumusunod: - paggamit ng wikang nauunawaan ng kabataan sa makabagong panahon - pag-uugnay ng mga isyung panlipunan nang panahon ni Jose Rial na makatotohanan pa rin sa kasalukuyan*

- *Paggamit ng iba't ibang makabagong paraan ng pagsasadula.*

- *Naisasagawa ang isang radyong pantanghalan tungkol sa SONA ng Pangulo ng Pilipinas.*

f. Pagsulat (PU)

Maiuugnay dito ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman sa pag-iisip ng paksa at pagbibigay-buhay sa mga sulatin. Ang mga layuning pampagkatuto ay nagpakita ng pagkamalikhain at kritikal na pag-iisip batay sa uri ng gawaing pasulat.

- *Naisusulat ang sariling mitolohiya batay sa paksa ng akdang binasa*

- *Naisusulat ang isang critique ng alinmang akdang pampanitikang Mediterranean. Naisusulat ang sariling tula na may hawig sa paksa ng tulang tinalakay*

- *Naisusulat ang isang orihinal na komik istrip ng anekdota*

- *Naisusulat ang sariling akda at nailathala ito sa alinmang social media*

- *Naisusulat ang sariling maikling kuwento tungkol sa nangyayari sa kasalukuyang may kaugnayan sa mga kaganapan sa binasang kuwento*

g. Wika at Gramatika (WG)

Nangibabaw ang komunikasyon bilang ang wika ay midyum nito. Ang mga layunin ay nakatuon sa paglinang sa wika at gramatika sa pamamagitan ng kahusayan sa gramatikal at diskorsal na pagsulat, gamit ng angkop na pahayag, kaalaman sa pagsasaling-wika at komunikatibong kasanayan. Narito ang mga halimbawa.

- *Nagagamit nang angkop ang mga pamantayan sa pagsasaling-wika*

- *Nagagamit sa pagbubuod ang tamang mekaniks ng pagsulat (baybay, bantas atbp) gayundin ang wastong pag-uugnay ng mga pangungusap/talata*

- *Nagagamit ang komunikatibong kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino sa isang simposiyum*

- *Nagagamit ang kahusayan sa gramatikal at diskorsal na pagsulat ng isang organisado at makahulugang akda.*

h. Estratehiya sa Pag-aaral

Tumutukoy ang domeyn sa pagpapalawak ng kakayahan ng mag-aaral partikular sa pananaliksik. Sa bahaging ito makikitang umangkop ang kritikal na pag-iisip bilang pangunahing kasanayan.

- *Nagagamit ang iba't ibang reperensya/ batis ng impormasyon sa pananaliksik.*

- *Nagagamit ang iba't ibang batis ng impormasyon sa pananaliksik tungkol sa mga teroyang pampanitikan.*

- *Nakagagamit ng internet para sa pananaliksik.*

- *Nasasaliksik ang mahahalagang impormasyon gamit ang silid-aklatan, internet, at iba pang batis ng mga impormasyon.*

**Diskusyon**

Matutunghayang nangibabaw sa lahat ng domeyn ang manipestasyon ng kritikal na pag-iisip. Mula sa pagsusuri ng Pakikinig, Pagbasa, Talasalitaan, Pagsulat at Panonood, ang mga kasanayang pamgpagkatuto ay umikot sa mga layuning pagsusuri ng tiyak na bahagi ng akda, pagpapaliwanag ng paksa, paghihinuha, paghahambing, pagsusuri, pagbuo ng argumento, pagbibigay puna o sariling reaksyon sa napakinggang pagtatanghal at pagtukoy sa kahulugan ng salita. Ang mag-aaral ay nagkakaroon ng pag-uugnay ng impormasyon mula sa kaisipang napakinggan, nabasa, napanood at binibigyang kahulugan sa kanyang kaalaman at karanasan. Maging sa Estratehiya sa Pag-aaral, ang kritikal na pag-iisip ay natunghayan sa pagkilala, pagpili, pagsusuri at paggamit ng iba't ibang pinagmumulan ng impormasyon para sa gawaing pananaliksik. Umayon ito sa pamantayan ng kritikal na pag-iisip na binalangkas ni Greenstein (2012) na nagsasaad ng paggamit ng iba't ibang uri ng pangangatwirang naaangkop sa sitwasyon, pagbuo ng mga argumento at pagbibigay-puna sa pangangatwiran ng iba, pagguhit ng katibayan mula sa karunungang bumasa't sumulat o mga tekstong nagbibigay-kaalaman bilang suporta sa pagsusuri, repleksyon, pananaliksik at pagsusuri ng layunin ng impormasyon.

Higit namang lumutang ang kasanayang komunikasyon sa domeyn ng Pagsasalita, Wika at Gramatika gayundin sa Paglinang ng Talasalitaan. Tinutukoy nito ang kakayahan ng indibidwal na makipag-usap nang malinaw gamit ang wikang berbal at di berbal (Pacific Policy Research Center, 2010). Dito nagpapakita ang mag-aaral ng kakayahang tumanggap ng impormasyong may iba't ibang layon, pasalita o pasulat, mula sa pagbabasa, panonood, at pakikinig sa maraming uri ng midya (Greenstein, 2012). Nagtataglay ang mga domeyn ng layuning pampagkatuto ng pamantayang pang-komunikasyong makikita sa uri o paraan ng paghahatid ng mensahe - paghahayag, pagsasalita, pagbigkas, pagbabahagi at pagsasalaysay gayundin ang paglinang sa wika at gramatika. Sa mga nabanggit ay nilalayong madebelop ang husay sa pakikinig at pakikipag-ugnayan ayon sa layunin (Oakshott et al., w.p.).

Makikita ang pagkamalikhain sa Pagsulat gamit ang mga gawaing indibidwal tulad ng pagsulat ng sariling mitolohiya, tula, akda, maikling kuwento, komiks istrip at pagsasadula. Sa mga nabanggit nalilinang ang pagkamalikhain bunsod ng pagbibigay ng maraming ideya hinggil sa isang paksa at pagbuo ng mga bagong ideya o produktong may talino sa paglikha (Greenstein, 2012). Natunghayan din ang kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng mga gawaing pasulat na nangangailangan ng pagsusuri. Bilang dagdag, natunghayan ang kasanayang ito sa domeyn ng Pagsasalita mula sa malikhaing gawaing pag-awit, pagsasadula o pagtatanghal, at pagtula.

Mula sa walong domeyn, ang kasanayang kolaborasyon ay higit na natunghayan sa Pagsasalita gamit ang pangkatang gawaing dula, radyong pantanghalan, dayalogo, talakayan at simposiyum. Higit na maiuugnay ang kolaborasyon sa mekanismo ng pagpapalitan ng ideya at pagtutulungan upang makalikha ng mga bagong ideya ang pangkat (Greenstein, 2012) at pagsasama-sama ng iba't ibang indibidwal sa gawaing may isang layunin (Piirto, 2011). Matutunghayang ang komunikasyon sa anyong pasalita ay naging kaugnay ng kolaborasyon; ang paglinang dito ay maipakikita at matatamo

mula sa pagtutulungan, pakikiisa sa kasapi, pagtugon sa responsibilidad sa sarili at ibang tao, interaktibong pakikipag-ugnayan at pakikipag-usap (Higgins, 2008).

Ang kasanayang kolaborasyon ay higit na nalinang sa domeyn ng Pagsasalita kung ihahambing sa ibang domeyn sa bawat markahan. Mapapansing higit na nabibigyang diin ang paglinang ng kritikal na pag-iisip, komunikasyon at pagkamalikhain sa mga domeyn ng layuning pampagkatuto. Sa unang markahang nakapokus pag-unawa at pagpapahalaga ng akdang Mediterrenean at bahagi ng pananalita, ang kritikal na pag-iisip, komunikasyon at pagkamalikhain ay natunghayan sa pag-uugnay ng mga kaisipan sa akda, pagsusuri ng nilalaman, pagbibigay puna, pagpapahalaga, pagsulat ng sariling akda at pagbabahagi ng sariling *critique*. Ang kolaborasyon at komunikasyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayang may layuning magpabatid, magturo at manghikayat (Oakshott, et. Al, w.p.) ay nakasaad sa domeyn ng Pagsasalita at lubusang nakita sa gawaing pakikibahagi sa *roundtable discussion*. Sa ikalawang markahang nakapokus sa akdang Kanluranin, mga pangungusap at matatalinhagang salita, nakasentro ang halos lahat ng layunin sa indibidwal na gawain. Binibigyan ang mag-aaral ng mga gawaing nakahuhubog sa kritikal na pag-iisip, komunikasyon at pagkamalikhain bilang paghahanda sa inaasahang gawain sa katapusan ng markahan na pagsulat at paglalahathala ng sariling akda gamit ang social media. Bagamat indibidwal ang gawain, hindi pa rin maiwawaglit na mayroong manipestasyon ng kolaborasyon subalit hindi ganoon itong nangibabaw tulad ng tatlong kasanayan. Ang nabanggit ay natunghayan sa domeyn ng Pag-unawa sa Napakinggan gamit ang gawaing pakikilahok sa mapanuring talakayan. Sa ikatlong markahang tumatalakay sa Panitikan ng Africa at Persia, nagkaroon ng pagdebelop ng kolaborasyon sa mga gawain dahil nahagip at nagpakita ng manipestasyon ang mga pamantayan sa mga layuning nakasaad. Nabigyang-buhay ito dahil naging batayan ng mga layunin ang gawaing pangwakas na panghihikayat ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtatanghal. Patunay nito ang mga gawain sa domeyn ng Pagsasalita - debate/ pagtatalo, radyong pantanghalan, dayalogo, talakayan at puppet show. Sa yugtong ito, hindi lamang pansarili ang pokus ng mga layunin; ang halaga ng pagtutulungan ng mag-aaral sa mga gawaing magtutulay sa pagsasakatuparan ng gawain sa huling bahagi ng markahan ay binigyang pansin (Greenstein, 2012). Sa huling markahan ukol sa El Filibusterismo, nagkaroon din ng manipestasyon ang mga pamantayan sa bawat kasanayan sa mga kasanayang pampagkatuto. Sa domeyn ng Pagsasalita gamit ang pangkatang pagsasadula ng nobela nagkaroon ng pagdebelop sa kolaborasyon ng mag-aaral. Ang kritikal na pag-iisip, komunikasyon at pagkamalikhain ay nagpakita ng manipestasyon sa halos lahat ng domeyn ng kasanayang pampagkatuto sa pamamagitan ng pagsusuri, pagsasalaysay, pagapapahayag ng sariling pagpapahalaga at pag-unawa, pagsulat ng buod at pagtatala ng impormasyon.

*Mga Mungkahing Gawain*

Matapos mabatid na ang kolaborasyon ang kasanayang hindi lubhang nakitaan ng manipestasyon sa kasanayang pampagkatuto sa halos buong markahan, iminumungkahi ang ilang gawaing makatutulong sa paglinang ng nasabing kasanayan kasabay ang paghahanda sa pangwakas na gawain sa bawat markahan.

*Unang Markahan*

Sa pagtatapos ng aralin, inaasahang makabubuo ng *critique* ng alinmang panitikang Mediterranean ang mag-aaral. Ang “Talakayin at Ipagtanggol” ay maaaring gamitin upang malinang ang kolaborasyong nakaangkla sa gawaing pangwakas. Gamit ito,

makapagbabahagi at makapagtatalakay ang mag-aaral sa kapwa nila ng isyu at usaping sinusuportahan ng patunay. Makapagbibigay ito ng kasanayang magagamit sa pagsulat at pagtataya.

**Talahanayan 2**

*Buod ng Gawain para sa Unang Markahan*

| Pangalan ng Gawain | Paraan ng Gawain |
|---|---|
| Talakayin at Ipagtanggol *(Discuss and Defend)* | • Tulad ng isang debate ang gawaing ito. Maghahalinhinan ang mga mag-aaral sa pagbabahagi ng kanilang ideya kaugnay ng paksa at kasagutan sa mga tanong.<br>• Pakikinggan ng kapangkat at iba pang kamag-aral ang mga ideyang binibitawan ng kamag-aral na nagsasalita.<br>• Pagkatapos makapagsalita, tatasahin ang lawak ng kaalaman ng nagbahagi ng ideya sa mga pahayag na kanyang binitawan sa pamamagitan ng pagtatanong kaugnay ng mga sinabi; maging panghihingi ng mga patunay. |

Malilinang nito ang ilang kasanayang pampagkatuto sa iba't ibang aralin tulad ng pakikinig sa pamamagitan ng pagpapahayag ng mahalagang kaisipan ukol sa araling mitolohiya. Isa rin itong hakbang sa pagsasagawa ng *critique* lalo na sa iba pang mag-aaral na nakikinig dahil nakapagbibigay rin sila ng puna sa kanilang napakinggan. Makatutugon din ito sa araling parabulang may layuning pakikinig.

Maaaring gamitin ang gawain matapos bigyang modipikasyon ang mga ideyang bibigyan ng pagtalakay at pagtatanggol. Sa sanaysay, mahahagip ang pagdebelop ng kolaborasyon sa kasanayang pampagkatuto na pagbasa. Maaari ring makapagbigay ng sariling reaksiyon ang mag-aaral partikular ang mga tagapakinig sa sinasabi ng nagsasalita at makapagbahagi ng kanilang ideya at puna upang maitama o sumang-

**Talahanayan 3**

*Buod ng Gawain para sa Ikalawang Markahan*

| Pangalan ng Gawain | Paraan ng Gawain |
|---|---|
| Ano Status Mo? (Facebook) at Inside outside circle | • Bilang pangwakas na gawain, ilalathala ng mga mag-aaral ang akda sa kani-kanilang *Facebook* bilang status na mababasa ng kanilang mga kaibigan at kinakailangang ito ay magkaroon ng iba't ibang reaksiyon mula sa mga nakabasa ng *status* o kanilang akda. Magsisilbig takdang-aralin ang gawain.<br>• Sa loob naman ng silid magkakaroon ng pagbabahagi ng impormasyon o iba't bang reaksiyon sa kanilang *status*.<br>• Hahatiin sa dalawang pangkat ang klase. Gagawa ng panloob na bilog ang isang pangkat at panlabas na bilog ang isa pang pangkat.<br>• Maghaharap ang mga mag-aaral na nasa panloob at panlabas na bilog upang makabuo ng pares.<br>• Magpapalitan ng impormasyon at reaksiyon ang mag-aaral sa kapares tungkol sa akdang ginawa. Sa pagtatapos ng itinakdang panahon, hinihiling ang mga mag-aaral na lumipat (halimbawa, gagalaw ang nasa labas na bilog sa dalawang lugar sa kaliwa) upang magkakaroon ng mga bagong pares.<br>• Ibabahagi ang kanilang impormasyon at reaksiyon sa bagong kapareha. |

ayon sa napakinggan. Para sa araling epiko/tulang may layuning pag-unawa sa binasa, maipapakita ang kolaborasyon dahil bawat miyembro ng pangkat ay makapagbibigay ng kaniyang ideya sa kapangkat upang matalakay at maipagtanggol ang paksang pinag-uusapan. Sa araling maikling kwentong may layuning pag-unawa sa binasa, makakamit ang kolaborasyon gamit ang malayang pagbabahagi at pagpapalitan ng ideya ukol sa sariling karanasang hawig sa paksang tinatalakay upang masuri at

mapatunayan kung nagaganap o hindi ang isinasaad sa paksa. Ganoon din sa nobela na may layuning panonood; magiging kapana-panabik ang aralin at talakayan sa pamamagitan ng pagbabangga at paghahambing ng mga ideya ng mag-aaral sa bawat pangkat sa ideya ng ibang pangkat. Sa ganitong paraan, maipapakitang makapagtutulay ang mungkahing gawain sa pagsusuri at pagbuo ng isang critique.

*Ikalawang Markahan*

Inaasahan ang mga mag-aaral na makalilikha ng sariling akdang mailalathala sa anumang social media bilang gawaing pangwakas. Bagama't lumilinang pa rin ito sa kolaborasyon dulot ng interaksiyon ng mag-aaral sa madla gamit ang paglalathala ng akda sa social media, hindi pa rin nito gaanong nalinang ang kasanayan. Ang "Ano Status Mo?" ang mungkahing gawaing makalilinang ng kolaborasyon kaugnay ng pangwakas na gawain.

Makatutulong ang gawain sa paglinang ng kolaborasyon para sa ibang aralin tulad ng mitolohiyang may layuning pag-unawa sa napakinggan. Kaugnay naman ng kasanayang pampagkatuto sa paglinang ng talasalitaan, ang mag-aaral ay maaring magpaliwanag sa kapareha ng pinagmulan ng mga salitang nasaliksik sa internet o iba pang social media. Magagamit din ang gawaing ito sa araling tula na nakaangkla sa layuning pagsasalita sapagkat maari ring bigkasin ito ng mag-aaral sa kapareha at mailathala gamit ang social media. Mailalapat din ang gawain sa araling may layuning pag-unawa sa binasa gaya ng maikling kwento, sanaysay at nobela.

*Ikatlong Markahan*

Upang makatugon sa gawaing pangwakas na makapanghikayat ng kagandahan ng alinmang bansa batay sa binasang akda, makatutulong ang mungkahing gawain tulad ng "Role in Co-operative Group.

**Talahanayan 4**

*Buod ng Gawain para sa Ikatlong Markahan*

| Pangalan ng Gawain | Paraan ng Gawain |
|---|---|
| Role in co-operative group | • Magtatala ang guro ng papel na gagampanan ng mag-aaral sa bawat pangkat (nakadepende sa aralin ang ibibigay na katungkulan - *manager, encourager, record keeper, reporter, secretary at evaluator)*<br>• Pipili ng isang grupong magsasagawa ng gawain habang ang ibang grupo ay manonood at magsusuri sa klase<br>• Magbibigay ang guro ng mga gawain batay sa araling tinatalakay.<br>• Isasagawa ng mga mag-aaral ang gawain batay sa papel na ginagampanan |

Magagabayan ang mga mag-aaral sa kolaborasyon at maihahanda sa pagharap sa pangwakas na gawain sa anyo ng panghihikayat. Sa araling mitolohiya na may layuning pag-unawa sa binasa, magagamit ang gawaing ito bilang kasangkapan. Maaaring magbahaginan ang mga kalahok sa pangkat ng ideyang nababatid kaugnay ng sinusuring paksa habang nasa anyo sila ng mga karakter at papel na ginagampanan; gayundin din sa paksang anekdota na may layuning pag-unawa sa napakinggan. Sa pamamagitan ng isang senaryo, maaring gamitin ng mag-aaral ang gawain upang magsagawa ng isang pagpupulong na kapalolooban ng pagbabahagi ng saloobin at damdamin kaugnay ng anekdota sa pananaw ng karakter na binibigyang buhay. Sa nobela naman, magagamit din ito upang makamit ang layuning pagsulat. Habang nagpapalitan ng mga ideya ang isa't isa, gagampanan ng tinaguriang *record keeper* ang kanyang tungkulin na magtala ng mga impormasyon mula sa talakayan. Pagkatapos, ibabahagi ng tinaguriang reporter ang naisulat na impormasyon para sa kabatiran ng kamag-aral. Sa pamamagitan nito, magagabayan

at maihahanda ang bawat isa sa pagganap sa panghihikayat ng napili nilang akdang pampanitikan.

*Ikaapat na Markahan*

Ang makapagpapalabas ng makabuluhang *photo/ video documentary* na may mungkahing solusyon para sa isang suliraning panlipunan ang pangwakas na gawain. Maaaring gamitin ang gawaing "Place Mat" sa paglalatag ng bawat pangkat ng mahahalagang detalye batay sa ipinalabas na photo/ video documentary ng iba pang pangkat.

**Talahanayan 5**
*Buod ng Gawain para sa Ikaapat na Markahan*

| Pangalan ng Gawain | Paraan ng Gawain |
|---|---|
| Place Mat | • Ipapangkat ang klase para sa pagsasagawa ng pangwakas na gawain.<br>• Sa pagpapalabas ng bawat pangkat ng kani-kanilang *photo/ video documentary*, bibigyan ng *place mat* ang bawat pangkat upang punan ng mahahalagang impormasyong makukuha mula sa pinanood na *documentary* ng bawat pangkat *(vice versa)*. |

Bagama't nagkakaroon ng manipestasyon ng kasanayang kolaborasyon ang layuning nabanggit at iba pang layunin sa iba't ibang aralin sa ikaapat na markahan, posibleng magamit pa rin ang gawaing nabanggit sa paghubog sa kasanayang kolaborasyon ng bawat mag-aaral.

**Kongklusyon at Rekomendasyon**

Nilayon ng pag-aaral na suriin ang manipestasyon ng apat na pangunahing kasanayang sa mga aralin ng Filipino sa ika-10 baitang. Gamit ang mga pamantayan ng apat na pangunahing kasanayan ni Greenstein (2012), inalam ng mga mananaliksik ang mga kompitensing hindi gaanong nakalilinang ng apat na pangunahing kasanayan upang mabatid kung aling kasanayan ang nangangailangan ng karagdagang gawaing makatutulong sa higit na paglinang nito. Mahalaga ang pag-aaral upang magsilbing gabay sa pagbuo o pagmodipika ng kurikulum na lilinang sa apat na pangunahing kasanayan ng ika-21 siglo at pagkuhanan ng mga estratehiya o paraan ng pagtuturo ng asignaturang Filipino na makalilinang sa apat na pangunahing kasanayan ng ika-21 siglo.

Natunghayan na mayroong manipestasyon ang apat na pangunahing kasanayan sa kurikulum ng Filipino sa ika-10 baitang batay sa ginamit na pamantayan ng bawat kasanayan. Naipakita sa pamamagitan ng pagmamapa ng kurikulum sa mga pamantayan ng apat na pangunahing kasanayan ang kasanayang nangibabaw at ang kasanayang hindi gaanong nakitaan ng manipestasyon sa mga kasanayang pampagkatuto sa bawat domeyn ng kurikulum. Nailahad na ang kritikal na pag-iisip ang higit na nangibabaw na kasanayan mula sa mga domeyn ng pagkatuto. Natunghayan ito sa pagsusuri, paghahambing at pag-uugnay ng mga kaisipan, pagbuo ng pangangatwiran, paghihinuha, pagbibigay-puna, sariling pananaw o reaksyon ng mga mag-aaral. Samantala, ang kolaborasyon ang kasanayang hindi lubhang nakitaan ng manipestasyon sa mga kasanayang pampagkatuto. Bunsod ito ng pagkakaroon ng kurikulum ng indibidwal na gawain at layunin ng kasanayang pampagkatuto na pokus sa mga naunang aralin bilang paghahanda sa pagsasakatuparan ng pangwakas na gawain para sa bawat markahan.

Mula sa mga natunghayang kasanayan, nakapaglahad ng ilang gawaing makatutulong sa paglinang at pagdebelop ng kasanayang kolaborasyon na tumutugon din sa mga kasanayang pampagkatuto at magsisilbing tulay tungo sa pagsasakatuparan ng pangwakas na gawain. Ang "Talakayin at

Ipagtanggol," "Ano ang Status Mo at Inside and Outisde Circle", "Role in Co-operative Group" at "Place Mat" ay mungkahing gawain para sa bawat markahan sa kasanayang kolaborasyon ng mag-aaral.

Bilang pangunang pag-aaral hinggil sa pagsusuri ng manipestasyon ng apat na pangunahing kasanayan sa mga kasanayang pampagkatuto, naging limitasyon ang tanging paggamit ng kurikulum ng Filipino mula sa isang antas maging ang pamantayang ginamit sa pagtataya ng ika-21 siglong kasanayan sa kurikulum. Ang pamantayang binalangkas ni Greenstein lamang ang ginamit na batayan sa pagtingin ng manipestasyon ng apat na pangunahing kasanayan sa mga kasanayang pampagkatutong nakalahad sa bawat domeyn. Para sa pagpapalawak ng isinagawang pag-aaral, iminumungkahi ng mga mananaliksik ang paggamit ng iba pang pamantayan sa pagsusuri at pagtataya ng mga pangunahing kasanayan upang mabatid kung alin sa apat na pangunahing kasanayan sa ika-21 siglo ang hindi gaanong nalilinang at kakikitaan ng manipestasyon ng mga nasabing kasanayan. Ito ay upang maging batayan sa pagbuo ng kurikulum na makalilinang sa target na pagkatutong holistiko. Maaari rin itong gawing batayan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino - wika at panitikan - upang makahanap ng angkop na estratehiyang makalilinang sa kasanayang hindi gaanong nabibigyang-diin ng mga kasanayang pampagkatuto.

Para sa mga susunod na pananaliksik, mungkahing suriin ang iba pang kurikulum sa Filipino sa sekondarya maging sa iba pang asignatura. Iminumungkahi rin ang paggamit ng iba pang pamantayan ng pagtatamo ng apat na pangunahing kasanayan upang higit na matukoy ang mga kasanayang hindi gaanong nalilinang. Maari ring galugarin ang ibang teoryang nakapokus sa ika-21 siglong kasanayan bilang padron sa pagsusuri at pagbuo ng iba pang pamantayan. Panghuli, mainam na tingnan ang pagbuo ng iba't iba pang gawaing makalilinang ng apat na pangunahing kasanayan.

• • •

**Sanggunian**


Acosta, I. & Acosta, A. (2017). A mixed methods study on teachers' perceptions of readiness of higher education institutions to the implementation of the k-12 curriculum. *Universal Journal of Educational Research, 5*(7). Kinuha mula sa https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1147809.pdf

Batham, J. (2014). Developing early learners' creativity and collaboration using ipads. Kinuha mula sa http://acec2014.acce.edu.au/sites/2014/files/attachments/ACEC14_iPads_c%26c_final.pdfhttp://acec2014.acce.edu.au/sites/2014/files/attachments/ACEC14_iPads_c%26c_final.pdf

Bialik, M. & Fadel, C. (2015). Skills for the21st century: what should students learn? Kinuha mula sa http://curriculumredesign.org/wp-content/uploads/CCR-Skills_FINAL_June2015.pdf

Boholano, H. (2017). Smart social networking: 21st century teaching and learning skills. *Research in Pedagogy*, *7*(1), 21-29. Kinuha mula sa https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1149146.pdf

Brultey, Y. (w.p.). 21st century education: a practical application of the 4Cs in the Mexican ESL classroom. Kinuha mula sa https://www.scribd.com/document/348462375/Article-4cs-Yohann-Brultey-11-5-2015

Conole, G. (w.p.). The 7Cs of learning design – a new approach to rethinking design practice. Kinuha mula sa http://www.lancaster.ac.uk/fss/organisations/netlc/past/nlc2014/abstracts/pdf/conole.pdf

Greenstein, L. (2012). *Assessing 21st century skills a guide to evaluating mastery and authentic learning*. Corwin A Sage Company.

Higgins, M. (2008). *21st century learning skills: Global learning in an urban Middle School*. Kinuha mula sa https://www.researchgate.net/21st-CENTURYLEARNINGSKILLS_GLOBALLEARNINGINANURBANMIDDLESCHOOL%20(1).pdf

Kagawaran ng Edukasyon. (2016). *K to 12 gabay pangkurikulum Filipino*. Kinuha mula sa http://depedbohol.org/v2/wp-content/uploads/2016/03/Filipino-CG.pdf

National Education Association. (w.p). Preparing 21st century students for a global society: An Educator's guide to the 4Cs. Kinuha mula sa http://www.nea.org/assets/docs/A-Guide-to-Four-Cs.pdf

Oakshott, S., McNeely, T., Klattenhoff, B., Dorn, R., Kanikeberg, K at Burke, A. *21st century skills in career and technical education resource manual*. Kinuha mula sa http://www.k12.wa.us/CareerTechEd/pubdocs/21stCenturySkillsinCTEResourceManual.pdf

Pacific Policy Research Center. (2010). 21st century skills for students and teachers. Honolulu: Kamehameha Schools, Research & Evaluation Division. Kinuha mula sa http://www.ksbe.edu/_assets/spi/pdfs/21_century_skills_full.pdf

Partnership for 21st century skills. (w.p.). *21st century skills, education & competitiveness a resource and policy guide*. Kinuha mula sa http://www.p21.org/storage/documents/21st_century_skills_education_and_competitiveness_guide.pdf

Piirto, J. (2011). Creativity for 21st century skills: how to embed creativity intothe curriculum. Kinuha mula sa https://www.sensepublishers.com/media/203-creativity-for-21st-century-skills.pdf

Salna, L. (2012). Creativity as a 21st century skill: Training teachers to take it beyond the arts. Kinuha mula sa http://digitalcommons.buffalostate.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1167&context=creativeprojects

Tiglao, A. (2017 March 8). Revisiting 4C's of 21st century learning skills. Kinuha mula sa https://www.pressreader.com/philippines/sunstar-pampanga/20170308/281625305097347

21st Century Competencies: Foundation Document for Discussion (2016). Kinuha mula sa http://www.edugains.ca/resources21CL/About21stCentury/21CL_21stCenturyCompetencies.pdf